Ang Koponang GWS (Team GWS)

Ang Koponang GWS ay isang pangkat na maipagmamalaki nating lahat na sasalihan.

Kinakatawan ng mga ibat-ibang tao at komunidad na kabilang sa Kalakhang Kanluraning Sydney, ang Koponang GWS ay tumatayo sa mga pangkalahatang pagpapahalaga at samasamang pagmamalaki.

Sakop ang labing-apat na pambihirang komunidad - ang Blue Mountains, Hawkesbury, Baulkham Hills, Blacktown, Penrith, Parramatta, Holroyd, Fairfield, Auburn, Bankstown, Liverpool, Campbelltown, Camden at Wollondilly – ang Koponang GWS ay gagamit sa natatanging pagkakaiba at sigla ng Kalakhang Kanluraning Sydney, upang maging isang tunay na kumakatawan at nagkakaisang pangkat, na siyang susuportahan nating lahat.

Ang Koponang GWS ay kumakatawan sa apat na pangunahing tema:

Kalusugan

Pagkakaisa

Edukasyon

Trabaho

Ang Koponang GWS ay magpapaandar ng mga permanenteng benepisyong pang-ekonomiya at panlipunan sa rehiyon. Ito ay magbibigay ng mga bagong pagkakitaan at gawaing pang-ekonomiya sa rehiyon at saka ang mga mahahalagang gawain at mga pagkakataon sa mga komunidad at mga pamilyang nasa Kalakhang Kanluraning Sydney.

Ang mga pagtutulungang pakikisali ng mga natatanging pinuno ng negosyo at komunidad ay mahalaga sa mahusay na pagkakaroon at pagkakamentena ng isang napakahusay na koponang pampalakasan.

Nasa pagkakaisa't samasamang suporta ng Kalakhang Kanluraning Sydney lamang ang pag-asa na ang Koponang GWS ay makakapasok sa paligsahang AFL sa taong 2012.

Makisama sa koponang GWS at tumulong sa pagbuo ng isang bagong pangkat sa AFL na nakabase sa inyong lugar. I-klik dito upang magparehistro.

Kinikilala ng Koponang GWS na lahat ng mga programa at gawain sa Kalakhang Kanluraning Sydney ay mangyayari sa mga tradisyonal na lupain ng mga taong

Dharug, Tharawal at Gandangara. Kinikilala namin ang mga nakaraan at kasalukuyang pinuno at lahat ng mga katutubong nakatira sa mga lugar na ito ngayon.

Pambihirang pagkakataon

Ang Koponang GWS ay magbibigay sa inyong negosyo ng isang pambihirang pagkakataon na maging isang kasosyo sa pagtatag ng isa sa pinakaaktibo at progresibong pamilihan sa Australya – ang Kalakhang Kanluraning Sydney (Greater Western Sydney).

Ang Koponang GWS ay magbubuo ng napakagandang ugnayang marka at magbibigay ng mga nakikitang benepisyo sa pamamagitan ng indibidwal at naibabagay na sosyuhan na sadyang ginawa upang masagot ang inyong mga pakay sa pagnenegosyo.

Ang pakipagsosyuhan ng negosyo sa Koponang GWS ay

- Magpaparami sa bilang ng mga matatapat sa marka
- Magbibigay ng pagkakapansin at pagpapakita
- Magpapaandar sa negosyo
- Magpapakita ng pakikisali sa komunidad
- Magbibigay ng mga pambihirang benepisyo sa pamamagitan ng pagtanggap ng mga bisita
- Maghihikayat at magpapanatili ng mga namamasukan sa trabaho
- Magpapahusay sa mga ugnayan at sosyuhan sa negosyo, tindero at tagapaggawa

Tiyakin ang inyong lugar sa kasaysayan sa pamamagitan ng pagiging isang kasosyo sa pagtatatag ng Koponang GWS at magkakaroon ng mga pagkakataong naidudulot ng pagiging kasali sa pangkat para sa inyong negosyo sa lokal at pambansang larangan.

Ang ating pangkat sa kompanya ay makikipaggawa sa inyo upang

magkakaroon, magdisenyo at makapagbigay ng isang pambihirang sosyuhan. Para sa dagdag na impormasyon, tawagan ang “Team GWS” sa (02) 8333 8000 o mag-email sa info@teamgws.com.au

Komunidad

Ang koponang GWS ay nangangakong gumawa ng mga mapagkakakitaan at mga gawaing pang-ekonomiya at panlipunan sa Kalakhang Kanluraning Sydney. Ito ay gumagawa ng mga inisyatibang pangkomunidad na nakatuon sa Kalusugan, Pagkakaisa, Edukasyon at Trabaho.

Sa pakikipagsusyo sa mga kawani sa Game Development ng AFL (NSW/ACT), ang koponang GWS ay magpapatuloy sa paggawa ng mga programang pangkomunidad sa Kalakhang Kanlurang Sydney.

Kalusugan

NAB AFL Auskick - mahigit sa 8,000 ang kasali mula sa Kalakhang Kanluraning Sydney.

Community Club Football – ginagamit ng may 26 Junior at Senior Clubs mula sa Kalakhang Kanluraning Sydney.

Sa mga paaralan – Malapit sa kalahati ng buong bilang ng mga paaralan ng Kalakhang Kanluraning Sydney ay kasali sa mga programa ng AFL.

Paul Kelly Cup – may 2,448 katao ang kasali mula sa mga paaralan ng Kalakhang Kanluraning Sydney

Pagkakaisa

Ang mga inisyatiba ng Diverse Australia at Harmony Program ay ginawa sa pakikipagtulungan ng mga Migrant Resource Centre sa buong NSW. Ang programa ay pinamamahalaan ng Department of Immigration and Citizenship (DIAC).

May pagsasanay sa Pagkakamulat/Pakikipag-ugnayan sa ibat-ibang Kultura (Cross-Cultural Awareness) para sa mga kawani ng AFL at mga AFL junior and senior clubs sa NSW at sa buong Australya.

Edukasyon

AFL Indigenous Academies (mga paaralan para sa mga katutubo)

Qantas AFL Kickstart

Sosyuhan ng AFL at ang Pamantasan ng Kanluraning Sydney

Trabaho

AFL Sportsready Traineeships (pagsasanay na maging manlalaro)

Mga Pangkat ng Tagapayo sa Komunidad

Ang namamahala sa kampanya para sa Koponang GWS ay ang mga sumusunod na kinatawan mula sa komunidad:

- Jim Marsden, Punong kasosyo ng Marsden's Law Group, isang matagal nang binuo at matatag na kompanya ng mga abogado sa Katimugang Kanluraning Sydney
- John Webster, ang General Manager ng Cumberland Newspaper Group at dating Direktor ng Melbourne Storm
- Jan Thomas, Direktor ng Office of Development ng University of Western Sydney at responsable sa mga pakikisosyo sa mga pampubliko at pampribadong sektor.
- Ross Howarth, General Manager ng Seven Affiliates Sales at isang dating miyembro ng AFL (NSW/ACT) Commission.
- Christine Cawsey, Prinsipal ng Rooty Hill High School at ang Deputy President ng NSW High School Principals Council.
- Gabrielle Trainor, Partner ng John Connolly and Partners at isa ring dating miyembro ng AFL (NSW/ACT) Commission.
- David Smith, Direktor ng DNA Media and Marketing
- Gus Seebeck, Program Manager ng ONE/Sport, Network Ten at Presidente ng East Coast Eagles (formerly Baulkham Hills) AFL Club.

- Greg De Moore, Psychiatrist sa Ospital ng Westmead at Blacktown. Sumulat sa talambuhay ni Tom Wills, isa sa nagtatag ng Australian football noong 1858.
- Nareen Young, Chief Executive Officer ng Diversity Council of Australia.
- Lila Mularczyk, Prinsipal ng Merrylands High School at Deputy President ng NSW Secondary Principals Council.

Ang sinumpaang gagawin ng AFL

Ang AFL ang nangungunang samahang pangpalakasan ng bayan at responsable sa pamamahala sa liga at ang coda.

Ang pilosopya ng AFL ay:

- Tiyakin na ang laro ay manatiling pinakagustong mapapanood sa lahat uri ng mga palakasang Australyano.
- Patuloy na palalakihin ang bilang ng kanyang mga tagatangkilik.
- Mapadami ang bilang ng mga manunuod at makikisali
- Patuloy na mapalaki ang pambansang larawan ng samahan sa pamamagitan ng pagpapatayo ng mga bagong pamilihan
- Patuloy na magtatag ng lalong malakas na pag-uugnayan sa mga tagasuporta sa pamamagitan ng pinakamagandang karanasan sa libangan sa palakasan.
- Magbigay ng mga pinakamagandang kagamitan para sa mga manlalaro at manunood.
- Palawakin ang pagkakataon ng pakikisali upang matiyak na lahat ng mga Australyano ay maaaring makikialam sa laro.
- Makialam sa mga usaping panlipunan na magpapaandar sa ating industrya.

Ang pangako ng AFL sa Kalakhang Kanluraning Sydney ay ginawa bago pa may mga planong magbuo ng isang koponan sa palaro noong 2012.

Noong 1997, ang AFL ay nangakong mabilisang palalakihin ang kanyang suporta para sa pangmadlang football sa rehiyong ito.

Mula noon, ang AFL ay tumustos ng malaki para sa mga kagamitan ng komunidad katulad ng katatapos na pagpapaganda sa pasilidad ng Rooty Hill, at ang bagong AFL/cricket Facility sa Blacktown Olympic Park.

Ang mga Larong AFL sa Rehiyon

Sa pagsisimula ng kampanya para sa koponang GWS (Team GWS) ang AFL ay gagawa ng katiyakan na ang mga lokal na komunidad ay makakagamit sa mga pinakamahusay na pasilidad upang masiyahan silang manood sa mga pinakamahusay na mapapanooring mga palakasang laro ng AFL.

Noong 2008, ang rehiyon ay naging punong-abala sa unang NAB Challenge Match na ginawa sa bagong pasilidad nito sa Rouse Hill.

Sa susunod na dalawang taon, ang mga larong 'home and away matches" ng AFL ay patuloy na gagawin sa ANZ Stadium at ang mga nakakawiling "pre-season matches' at ang mga natatanging pagtatanghal ay gagawin sa Blacktown and Rouse Hill.

Mula 2012, ang Koponang GWS ay maglalaro ng hanggang 11 na "AFL home matches" sa rehiyon at mga mahahalagang "pre-season matches".

Maglaro sa AFL

Ang paglalaro ng AFL ay isang magandang paraan na maging aktibo at nakikipagkaibigan.

Alam ba ninyo na lalong marami ngayon ang mga kabataang naglalaro ng AFL kaysa noon? Sa katunayan, sa NSW at ACT, may mahigit sa 20,000 kabataan ang naglalaro at nagkakasayahan sa may 280 junior clubs sa buong estado.

Sa tulong ng mga coaches at magulang, ang pakikisali sa klub ay isang masaya at nakakalibang na paraan upang mapahusay ang inyong mga kakayahan at magkakaroon ng maraming kaibigan.

Kung interesadong makikialam ang mga magulang, ang mga lokal na klub ay laging nangangailangan ng mga boluntaryong katulong.

Kaya, kung gusto ninyong maging aktibo, manatiling malusog at lalo pa ang makapagsaya - gamitin lamang ang listahan sa ibaba upang magsimula sa inyong paglalakbay.

Mga Programa ng AFL

Ang AFL ay may hanay ng mga programa para sa komunidad na pinapalakad, kasama rito ang:

- Multicultural Program – isang pangkat ng mga kawaning nagsasalita ng dalawang wika na nakikipag-ugnayan sa mga naiibang kultura at wikang komunidad.*
- NAB AFL Auskick – ito ang natatanging programang nagpapakilala ng AFL sa mga kabataang may gulang na pampaaralang primarya at ang kanilang mga pamilya.
- Ang programang NAB AFL Rising Star – na naghahanap at nagsasanay sa mga batang mula sa masa na may kahusayan sa paglalaro.
- Qantas AFL Kick Start Program – humuhikayat ng partisipasyon sa football, ganoon din sa pagkakaroon ng interes sa pagkakaroon ng mga pagpapaunlad ng mga kakayahan sa kabuhayan at lipunan.
- Mga pagsasanayan ng mga katutubo sa AFL (AFL Indigenous Academies)
- Tagapagsanay (Coaching) – isang hanay ng mga programa ng pagsasanay para sa pagpapasanay ay ibinibigay para sa mga nagsisimula hanggang sa mga magagaling nang mga coaches.
- Pagrereperi (Umpiring) – mga programa sa pagpapaunlad na makukuha sa mga liga, mga pangkat ng mga umpires at mga paaralan.
- Mga programa sa mga paaralang Primarya at Sekundarya.

*Upang makontak ang Multicultural Program, tawagan o mag-email kay Maria Cosmidis, Multicultural Programs Manager, sa 8333 8024 o maria.cosmidis@aflnswact.com.au